# 1 Paghahanap ng trabaho

**(2) Patakaran at Pakikitungo**

Kung matatrabaho sa Japan, kailangang sundin ang mga alituntunin at mabuting pakikitungo sa pinagtatrabahuhan. Nakasaad sa ibaba ang ilang mga pangunahing patakaran at pakikitungo sa lugar ng trabaho.

# E Trabaho at Training

Bumalik sa TOP ng E Trabaho at Training

① Kailangang pumashok sa kompanya hanggang sa itinakdang oras ng pagpasok.
② Hindi maaaring mahuli sa oras nang walang sapat na dahilan




③Mahalaga ang pagbati sa mga amo at ka-trabaho.




④ Siguraduhing ipagbigay-alam sa opisina kung hindi makakapasok sa trabaho.



⑤ Gawin mabuti ang itinalagang trabaho.



⑥ Ipinagbabawal ang pagtanggap ng personal na bisita o tawag habang nasa trabaho.



⑦ Hindi maaaring ilabas o gamitin sa pampersonal na bagay ang mga gamit sa kompanya nang walang pahintulot.



⑧ Pagkatapos magtrabaho, linisin at ligpitin ang lugar kung saan ka nagtrabaho.



⑨ Kapag lalabas na sa opisina para umuwi, magsabi ng"Otsukaresama deshita"at "Osakini shitsurei shimasu "sa mga ka-trabaho.




⑩ Ang araw ng pahinga ay depende sa kalendaryo ng kompanya.
⑪ May mga panahong kailangan magtrabaho pagkatapos ng takdang panahon ng trabaho o sa araw ng pahinga, depende sa situwasyon sa trabaho.

